JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Ihsuktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

3

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 7
## Pagbaybay nang Wasto ng mga Salita



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**School Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Ikalawang Markahan – Modyul 7: Pagbaybay nang Wasto ng mga Salita**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga mayakda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Florita D. Amistoso
**Tagasuri:** Reila Angela C. Josol
**Tagalapat:** Rose Marie Crez H. Apilan
**Tagapagpamahala:**
Virgilio P. Batan Jr.CESO VI – Schools Division Superintendent
Lourma I. Poculan – Asst. Schools Division Superintendent
Amelinda D. Montero – Chief Education Supervisor, CID
Nur N. Hussien – Chief Education supervisor, SGOD
Riela Angela C. Josol – Education Program Supervisor - Filipino
Bernie P. Laranjo – Public Schools District Supervisor
Ronillo S. Yarag- Education Program Supervisor, LRMS
Leo Martinno O. Alejo – Project Development Officer II, LRMS

**Inilimbag sa Pilipinas ng**
**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Zamboanga del Norte, 7100
Telefax: (065)212-6986 and (065) 212-5818
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph

# Alamin

Sa modyul na ito, matutuhan mo ang pagbabaybay nang wasto ng mga salitang natutuhan sa aralin/batayang talasalitaang pampaningin.


May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nakababaybay nang Wasto sa mga Salitang Natutunan sa Aralin/batayang talasalitaang pampaningin. **( F3PY-IIIb-2.2/2.3)**

# Balikan

Basahin ang tula at isulat sa sagutang papel ang iyong sagot sa mga tanong sa ibaba.



*Kinuha mula sa* https://images.app.goo.gl/UXNsGDesrfhEtrX77

**Sa Bukid**

Ibig kong mamuhay ng simple lamang
Kahit 'di mayaman basta't matiwasay naman
Nais kong manirahan sa gitna ng kabukiran
Isang pook na tahimik at ang paligid ay luntian

Kay gandang pagmasdan ng mga palay
Na sinisimbolo ang buhay
Sariwang mga prutas ang iyong matitikman
Sariwang mga gulay na ang hatid ay kalusugan

Malinis na tubig sa ilog ang iyong mamamasdan
Kulay asul at napakalinaw nga naman
Sariwang hangin ang iyong malalanghap
Na dulot ay ginhawa at kaluwalhatian

Mga tanong:

1. Ano ang tinutukoy na simbolo ng buhay ? ___________________
2. Saan siya gustong tumira? ___________________________________
3. Ano-ano ang mga sariwang pagkain na nabanggit sa tula?
   ______________________________________________________________
4. Ano ang tinutukoy na may kulay asul? _____________________
5. Sino ang nagnanais ng simpleng buhay? ____________________

# Tuklasin

A. Tingnan at bigkasin ang mga salita nang malakas. Punahin ang tamang pagkakasulat nito.

| buhay | bukid | palay | malinis |
|---|---|---|---|

| simple | sariwa | samyo | kalusugan |
|---|---|---|---|

Ang mga salitang iyong binigkas ay pawang tama at wasto ang pagkabaybay at pagkasulat.

B. Balikan ang tulang "Sa Bukid". Isulat sa sagutang papel ang tamang baybay ng nawawalang salita sa pangungusap.

1. Nais ko'y simple lamang ang ________.
2. Ibig kong _________sa gitna ng bukid.
3. Ang palay ay ______________ ng buhay.
4. Sariwang prutas at gulay hatid ay ___________.
5. __________ hangin ang malalanghap.



## Suriin

Sa pasulat at pagbabababaybay ng mga natutunang salita ay dapat mananatili sa pagsulat at pagbasa ng mga karaniwang salita.

**Tandaan:**

- kung ano ang bigkas ay siyang sulat at kung ano ang sulat ay siyang basa
- tamang mga letra sa bawat pantig ng mga salita;
- sa unang tingin, tandaan mo ang tamang baybay ng mga salita;
- panatilihin ang orihinal, tamang anyo at layo ng bawat letra ng salita;
- gumamit ng maliit na letra sa pagbabaybay ng karaniwang salita;
- dapat malinaw ang mga mata at maagap ang pandinig upang maisulat ang wastong baybay ng salita.
- Halimbawa:

Matiwasay

Mga pantig: ma/ti/wa/say
Tama: Matiwasay
Mali: ma-te-wa-sai

## Pagyamanin

Basahin at unawain ang tula. Sagutin pagkatapos ang mga tanong na nasa susunod na pahina.

**Ang Batang si Lino**


May isang bata na ang pangalan ay Lino
Ang lahi ni Lino ay Pilipino
Kanyang balat ay kayumanggi
Kailanman ay hindi niya itatanggi.

Bilin ng kanyang mga magulang
Lahat ng tao ay dapat igalang
Lahat ay mahalin
Anuman ang kanilang lahi.

Saan man mapunta si Lino
Sino man ang kanyang kasama't kahalubilo
Ang kanyang pagiging Pilipino
Laging dala at kanyang isinasapuso.


A. Ayusin ang mga salitang mula sa tula na nasa loob ng kahon, at isulat sa sagutang papel ang tamang baybay nito.

| | | |
|---|---|---|
| 1. yumanggika | 2. Linhama | 3. Langguma |
| 4. gailang | 5. Pinopili | |



4.


B. Subukang makadiskubre ng bagong salita. Isulat mo sa sagutang papel ang wastong baybay ng mga pangalan ng nasa larawan.




1. ___________________



2. _____________________



2. ____________________



4. _____________________

C. Tingnan ang larawan at basahin ang tula.



**Sa Bukid**

Nais kong tumira sa malayong bukid
Dahil doon ay payapa at luntian ang paligid
Magandang tanawin at may klimang malamig
At ang mga tao ay sadyang mababait.

Ang hanging sinasamyo ay malinis at presko
May asul na karagatang kay sarap liguan
Ang langit ay bughaw na kay gandang pagmasdan

Tanawin sa bukid ay talagang
kaakit-akit nga naman.

Sagutin ang mga tanong at isulat ang wastong baybay ng mga sagot sa sagutang papel.

1. Bakit ibig niyang manirahan sa malayong bukid?
   Sagot: ______________________________________

2. Ano ang uri ng klima sa bukid?
   Sagot: ______________________________________

3. Ano ang katangian ng mga tao sa bukid?
   Sagot: ______________________________________

4. Ano ang kulay ng tubig-dagat at langit doon sa bukid?
   Sagot: ______________________________________

5. Bakit gusto nating tingnan ang bukid?
   Sagot: ______________________________________

## Isaisip

Ang mahalagang tuntunin na dapat tandaan sa pagbabaybay nang wasto sa mga salitang natutunan ay:

- nananatili ang orihinal na baybay ng karaniwang salita
- wastong hugis, layo ng bawat letra
- kung ano ang bigkas ay siyang sulat at basa.

# Tayahin

A. Piliin ang wastong baybay ng mga salitang may salungguhit at isulat ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.

1. Panatilihin ang kalinisan upang malayo sa sakeyt.
   A. sokit   C. saket
   B. sakit   D. socket

2. Kailangang Gumamet ng mask kapag lalabas ng bahay.
   A. Gomamit   C. gumamit
   B. gomamit   D. Gumamit


3. Maghugas ng mga kamay upang mapanatili ang kaLeneSan.
   A. kalinisan   C. calinisan
   B. KaLlinisan   D. kalenesan

4. Magsikap sa pag-aaral upang may matotunan sa aralin.
   A. matutunan   C. matotunan
   B. matotonan   D. matutonan

5. Diyos ang nagbigay ng ating bohay.
   A. buhay   C. Buhay
   B. buway   D. bohay

## Karagdagang Gawain


Tingnan ang larawan at isulat nang wasto ang baybay ng salitang may salungguhit sa gutang papel.




1. Masarap ang pritong dais.




2. Malamig at matamis ang tesbesor.



3. Ang bolo ay kulay itim.



4. Pinainom ko ng tubig ang alaga kong nobi.



5. Ang sima na nilaga ay matamis.

# Susi sa Pagwawasto

**BALIKAN:**

1. Palay
2. Sa gitna ng kabukiran
3. Sariwang prutas at sariwang gulay
4. Tubig sa ilog
5. Ako (persona na nagsasalita sa tula)

**TUKLASIN:**

B.
1. buhay
2. manirahan
3. simbolo
4. kalusugan
5. sariwa

**PAGYAMANIN:**

**A.**

1. Kayumanggi
2. Mahalin
3. Magulang
4. Igalang
5. Pilipino

**B.**

1. Kabayo
2. Bahay-kubo
3. Telebisyon
4. Eroplano

**C..**

1. dahil doon ay payapa at luntian ang paligid
2. malamig ang klima
3. mababait
4. asul at bughaw
5. kaakit-akit ang tanawin

**TAYAHIN:**

1. B
2. C
3. A
4. A
5. A

**Karagdagang Gawain:**

1. Isda
2. Sorbetes
3. Lobo
4. Ibon
5. mais

## Sanggunian


MELCS
Teachers Guide
Filipino 3 Learners Guide
Mga Larawan:
https://images.app.goo.gl/UXNsGDesrfhEtrX77
https://images.app.goo.gl/Q9Z7S64FKJV6L98S9
https://images.app.goo.gl/6Y61wbtRtt8NfnQx6
https://images.app.goo.gl/eGjn1bsFduNNQsSF8
https://images.app.goo.gl/uZh5oUp5yCqBHHot6
https://images.app.goo.gl/R1XBeTmt1Hn8wKWYA
https://images.app.goo.gl/nQjzGsWzRNbvmnRJ6
https://images.app.goo.gl/HqeuB9DNdG1zo5uw7
https://images.app.goo.gl/wrqiVyA7mmT6xee38
https://images.app.goo.gl/bCJbPz36k8ikNtLi6